

Maligayang pagdating sa Paaralan ng Yokohama

タガログ語

III Sa Mga Magulang

~ Pamumuhay sa paaralan ng Yokohama ~



2016.Abril Binagong Edisyon
Yokohama City Board of Education

Nilalaman


I.	SISTEMA NG PAARALAN	1
	BALANGKAS NG SISTEMA NG PAARALAN SA HAPON	1
I-1	URI NG PAARALAN.....	1
I-2	EDUKASYONG KOMPULSARYO	2
I-3	PAGPAPATALA NG MGA BANYAGANG MAG-AARAL.....	2
I-4	ANG PAMAMARAAN PARA SA PAGPASOK SA ELEMENTARYA AT JUNIOR HIGH SCHOOL SA YOKOHAMA CITY	2
I-5	MGA MAHALAGANG BAGAY PARA SA PAMAMARAAN NG PAGPASOK SA PAARALAN.....	3
I-6	PAMAMARAAN SA PAGLIPAT NG PAARALAN SA YOKOHAMA CITY	3
II.	TUMATANGGAP ANG YOKOHAMA CITY NG MGA MAG-AARAL NA NANGANGAILANGAN NG PAGTUTURO NG NIHONGO.....	4
II-1	SILID-ARALAN NG NIHONGO.....	4
II-2	INTERNASYONAL NA SILID ARALAN	4
II-3	BOLONTARYONG SUPORTA SA SARILING WIKA.....	4
II-4	SUPORTA PARA SA MGA TAGAPAG-ALAGA (MAGULANG)	4
III.	BUHAY SA PAARALAN SA YOKOHAMA CITY.....	4
III-1	PANAHOON NG PASUKAN AT BAKASYON.....	5
III-2	ORAS SA PAGPASOK AT PAGLABAS SA PAARALAN	5
III-3	[TSUGAKU-RO] / [SHUDAN TOKO]: ANG DAAN PAGPASOK SA PAARALAN AT PAGPASOK NG SAMASAMA O GRUPO (ELEMENTARYA LAMANG)	5
III-4	TANGHALIAN (SCHOOL LUNCH- LUNCH PACK).....	5
III-5	PAGLILINIS	5
III-6	ANG HALIMBAWA NG BILANG NG ORAS SA ELEMENTARYA AT JUNIOR HIGH SCHOOL SA PAARALAN NG	6
III-7	KALUSUGAN AT KALIGTASAN SA MGA PAARALAN	6
IV.	GAWAIN (EVENTS) NG PAARALAN.....	7
IV-1	ANG MGA GAWAIN SA ELEMENTARYA.....	8
IV-2	MGA GAWAIN SA JUNIOR HIGH SCHOOL	8
V.	MGA NILALAMAN NG ARALIN	10
V-1	MGA DADALHIN	10
V-2	ARALIN SA ELEMENTARYA	14
V-3	ARALIN SA JUNIOR HIGH SCHOOL	15
V-4	[AYUMI (ELEMENTARYA) / RENRAKU-HYO (JUNIOR HIGH SCHOOL)]: SCHOOL REPORT CARD	15
VI.	SCHOOL CLUB.....	16

VII.	MGA BAGAY NA KAILANGANG SANGAYUNAN NG MGA MAGULANG SA PAGPASOK SA PAARALAN.....	16
VII-1	MGA KAILANGANG BAYARAN NG MGA MAGULANG SA ELEMENTARY AT JUNIOR HIGH SCHOOL.....	16
VII-2	PAKIKIPAGUGNAY AT PAKIKIPAGUSAP SA PAARALAN.....	16
VII-3	PTA (PARENT TEACHER ASSOCIATION).....	17
VII-5	ANG MGA DAPAT MAGING MAINGAT SA PAMUMUHAY SA PAARALAN.....	17
VIII.	ANG MAGAARAL NG ELEMENTARYA PAGKATAPOS NG PAARALAN.....	18
VIII-1	HOKAGO KIDS CLUB: KIDS CLUB PAGKATAPOS NG PAARALAN.....	18
VIII-2	HAMAKKO FUREAI SCHOOL: KIDS CLUB PAGKATAPOS NG PAARALAN.....	18
VIII-3	HOKAGO JIDO CLUB: KIDS CLUB AFTER SCHOOL [GAKUDO HOIKU]: (DAY CARE AFTER SCHOOL).....	18
IX.	“COURSE PATH” [SHINRO]: DAAN NA PIPILIIN PAGKAGRADUATE.....	19
IX-1	MULA SA ELEMENTARYA PAPANASOK NG JUNIOR HIGH SCHOOL.....	19
IX-2	ANG “COURSE PATH” PAGNATAPOS NG JUNIOR HIGH SCHOOL.....	19
X.	WINDOW FOR INQUIRIES.....	24
X-1	WINDOW PARA SA LIVING INFORMATION FOR FOREIGNERS AT COUNSELLING AND DISPATCH LOCAL.....	24
X-2	MGA KATANUNGAN TUNGKOL SA PAGPASOK NG PAARALAN, PAGBABAGO NG PAARALAN, PAGLIPAT SA IBANG PAARALAN.....	26
X-3	SILID-ARALAN SA PAG-AARAL NG NIHONGO /SILID ARALAN SA SUPORTA NG MGA ARALIN.....	26
X-4	PAARALAN PARA SA MGA DAYUHAN (FOREIGN SCHOOLS).....	26
X-5	JUNIOR HIGH SCHOOL CLASSES NA PANG GABI SA MUNISIPAL NG YOKOHAMA.....	27
X-6	TULONG SA PAG-AARAL.....	27
X-7	SCHOLARSHIP.....	27
X-8	MGA HAKBANG PARA SA MGA BABALIK SA SARILING BANSA.....	27

I. Sistema ng Paaralan

Balangkas ng sistema ng Paaralan sa Hapon

(Edad)



I-1 Uri ng Paaralan

Sa bansang Hapon ay may (Nursery) Kindergarten, Elementarya, Sekondaryang Paaralan, Mataas na Paaralan, at Kolehiyo. Mayroon ding Pambansa at Pamublikong Paaralan at Pribadong Paaralan na may mga pagkakaiba ng pamamahala ngunit ang nilalaman ng pamantayang edukasyon ng bawat isa ay halos di nagkakaiba sa mga criteria.

I-2 Edukasyong Kompulsaryo

Ang sistema na 6 na taon sa Elementarya (may edad na 6 hanggang 12 taon) at 3-taon Junior High School (may edad na 12 hanggang 15 taon) ay "Edukasyong Kompulsaryo" na kailangan ding pumasok sa paaralan.

Ang mga batang 6 o mahigit na taong gulang ay papasok ng Elementarya na magsisimula ang pasukan sa una ng Abril. Sila ay makakatanggap ng 6 na taong edukasyon at pagkatapos ng Elementarya ay tatanggap ng 3 taong edukasyon naman sa Junior High School.

Ang mga batang pumapasok sa elementarya ay tinatawag na [*Jidou*] pupils at ang [*Seito*] mag-aaral ay sa Junior High School.

Ang matrikula para sa Pamublikong Elementarya at Junior High School ay walang bayad. Sa mga batang may mga kapansanan, o kailangan ng espesyal na suporta ay may isang klase sa karamihan ng mga Paaralan ng Elementarya at Junior High School para sa mga nangangailangan ng suportang ito.

I-3 Pagpapatala ng mga dayuhan na mag-aaral

Maaari ring pumasok sa paaralan ng Hapon ang mga dayuhan katumbas ng edad na tinalaga ng paaralan ng Hapon.

Sa Paaralan ng Hapon, ang baitang ay natutukoy sa pamamagitan ng edad sa pagpasok. Ang mga taong ipinanganak mula Abril 2 ng kasalukuyang taon hanggang sa Abril 1 ng sumunod na taon ay magkaparehong baitang. Ang prinsipyong ito ay katulad na rin sa katumbas na baitang at gulang ng sa mga batang dayuhan. Gayunpaman, dahil ang pasukan ng paaralan sa Japan ay nagsisimula sa buwan ng Abril ito ay maaaring hindi tumugma sa grado ng paaralan sa sariling bansa.

I-4 Ang pamamaraan para sa pagpasok sa Elementarya at Junior High School sa Yokohama City

Kailangan munang pumunta ang magulang sa City Ward Office. Dito isasagawa ang pamamaraan ng *Jyumin Touroku* (Pagrehistro ng Residente) batay sa inyong *Zairyu Card* (Resident Card)*. Dito rin sasabihin na nais ninyong ipasok ang bata sa Paaralan ng Hapon.

A. Sa mga banyagang nasyonalidad maliban sa Korean at North Korean:

- Ang *Gaikokujin Shugaku Shinseisho* (Foreign Resident School Admission Application Form) at *Shugaku Annai* (School Admission Guidance) ay ang mga application form na ibibigay para sa pagpasok ng eskuwelan at gabay sa pagpasok ng Paaralan (sa mga bagong papasok lang). Maari lang pong isulat ang mga kinakailangang sagutan at pagkatapos ay pumunta sa paaralang Elementarya o High School na itinukoy sa inyo at papirmahan ito.
- *Gaikokujin Shugaku Shinseisho* (Foreign Resident School Admission Application Form) Ibibigay muli ang napapirmahang application form na ito sa City ward office.

B. Para sa mga Korean at North Korean:

- Ang *Gaikokujin Shugaku Shinseisho* (Foreign Resident School Admission Application Form) at gabay sa pagpasok *Shugaku Annai* (School Admission Guidance) ay ibibigay para sa pagpasok ng Paaralan. Isulat ang mga kinakailangang sagutan at ibigay sa city ward office.

Ang A at B pagkaraan ng ilang araw, mula sa City ward kapag ang [3] *Gaikokujin Jido Seito Nyugaku Kyokasho* (Foreign Student School Admission Permit) ay naipadala na, siguraduhin ang pangalan ng Paaralan at lugar. May sitwasyon ding ibinibigay kaagad ang school admission permit sa kung saan inapply ang application form. [3] Ang *Gaikokujin Jido Seito Nyugaku Kyokasho* (Foreign Student School Admission Permit) ay dadalhin ng mga magulang sa paaralang itinukoy kasama ang batang mag-aaral at doon ay pag-uusapan ang tungkol sa pamumuhay sa Paaralan.

* Maari ring makapasok sa Paaralan ang mga walang *Zairyu Card* (Resident Kard). Kinakailangang makipagusap sa City Ward

I-5 Mga mahalagang bagay para sa pamamaraan ng pagpasok sa paaralan

Kapag mayroong mga papeles na nakuha sa Paaralan sa sariling bansa katulad ng mga (Certificate of School Registration at Report Card ng mga grades) maari lang dalhin ang mga ito sa pagpunta sa paaralang itinukoy na papasukan kapag mag-apply.

Sa Paaralan, ang tungkol sa pamumuhay dito ay pag-uusapan ng mga sumusunod sa ibaba na mga bagay. Kung ang magulang ay hindi nakakaunawa ng mabuti ng nihongo, kailangang magsama ng taong makakapagpaliwanag sa inyo. (Kung mahihirapan naman ay maari ding sabihin ng pauna sa Paaralan ang araw at oras ng pagpunta upang maihanda ang taong tagapaliwanag interpreter para sa inyo.)

- Tinanggap na edukasyon bago lumipat
- Itinakdang panahon ng pagtira
- Baitang sa sariling bansa (bilang ng taong pumasok)
- Kalagayan ng sarili at pamilya sa paggamit ng salitang Hapon
- Pangalan ng sarili at pamilya
- Petsa ng kapanganakan
- Kasalukuyang tirahan
- Pormasyon ng pamilya
- Paraan ng pakikipag-ugnay (biglaan pangangailangan oras / sa pinagtatrabahuan / pangangailangan ng interpretasyon)
- Sa pamamaraan ng pagpasok at pag-uwi ng Paaralan
- Kalagayan ng Kalusugan (mga nakaraan mga sakit / linaw ng mga mata / lakas ng pangdinig / sakit sa kasalukuyan / kagawian sa pagkain / allergy at iba pa)

I-6 Pamamaraan sa paglipat ng Paaralan sa Yokohama city

Ang Pamublikong Paaralan sa Munisipal ng Yokohama sa panahon ng nasa kompulsaryong edukasyon ay may panuntunan sinusunod na kinakailangang pumasok sa paaralan nakapaloob sa sinasakupan nito ang distritong tinitirahan. [Ang Paaralan na papasukan ay pinagpasyahan ayun sa lugar na tinitirahan.]

Sa mga lilipat ng paaralan na may maikling panahon na lang bago magtapos, katulad ng nasa ika 6 na baitang ng Elementarya o ika 3 taon sa Junior High School, ay may posibilidad ding mapahintulatang magpatuloy sa pinapasukang Paaralan kaya minamabuting kumonsulta sa Paaralan. Kapag natanggap ang pagsang-ayon ng Prinsipal ng Paaralan ay mabibigyan ng *Gakku-Gai Tsuugaku Kyokasho* (Permit of Commuting to School of other District). Dalhin ito sa City ward kung saan nakarehistro ang *Jyumin Toroku* (Resedence Certificate) at isagawa ang pagkuha ng permiso.

Sa paglipat ng ibang Paaralan sa buong Japan ay kinakailangang pumunta ang mga magulang sa City ward ng kasalukuyang address at ipaalam ang pagbabago ng tirahan *Tenshutsu Todoke* (Change of Address) [Nasa City ward office] at kumuha ng *Tenshutsu Shomeisho* (Certificate of Change Address) kasulatan na nagpapatunay sa pagbabago ng tirahan. Pagkakuha nito ay isagawa rin ang pagkuha ng *Tengaku Todoke* (Registration of School Transfer) nasa kasalukuyang Paaralan na pinapasukan at makakatanggap ng *Zaigaku Shomeisho* (Certificate of Student Registration) at *Kyouka-yo Toshō Kyūyo Shomeisho* (Certificate of School Books Supply). Ang School Report Card / School Transcript of Records ay ipapadala ng paaralan sa paaralang lilipatan.

Sa paglipat sa ibang munisipalidad, pumunta sa City ward office ng lugar na lilipatan at isubmit ang *Tenshutsu Shomeisho* (certificate of change address) at ipaalam ang *Tennyu Todoke* (Notification of Transfer) paglipat sa lugar. Gayun din ang pagkuha doon ng *Tennyuugaku Tsuchisho* (Notification of School Transfer) o *Nyuugaku Kyokasho* (School Transfer Permit) at pumunta sa itinuturong Paaralan na papasukan. Ibigay ang *Zaigaku Shomeisho* (Certificate of Student Registration) at *Kyouka-yo Toshō Kyūyo Shomeisho* (Certificate of School Books Supply) na galing sa dating Paaralan.

Ang City ward office at Paaralan sa bansang Hapon ay mabilis ang pakikipagugnayan sa iba pang munisipyo at tinitiyak ang mga bagay. Mangyaring makipag-usap ng maaga sa kanila bago ang paglipat upang matiyak nila ang paaralan o distrito.

Huwag gawin ang *Nyugaku* (Pagpasok ng paaralan) sa ibang munisipyo kapag nag *Taigaku* (Drop Out) o tumigil ng pagaaral. Karamihan ay isinaayos ng *Tenko* (Paglipat ng paaralan) lamang.

II. Tumatanggap ang Yokohama city ng mga mag-aaral na nangangailangan ng pagtuturo ng Nihongo.

II-1 *Nihongo Kyoshitsu* (Silid-aralan ng Nihongo)

Mayroong silid aralan *Yokohama-shi Nihongo Kyoshitsu* (Yokohama City Nihongo Classroom) sa pagtuturo ng nihongo at pag-gabay ang Yokohama city para sa mga mag-aaral ng Elementarya at Junior High School na nangangailangan nito.

- ◆ Aralan para sa guidance: Mayroong apat na lugar na silid aralang ginawa ang munisipal sa pagtuturo. (Para sa mga Junior High School ang pangunahin)
- ◆ Dispatch an instructor: Magpapadala ng dispatch instructor sa paaralang pinapasukan ng magaaral at gagabayan sa pag-aaral. (Ang mga mag-aaral ng elementarya ang prayoridad)

II-2 *Kokusai Kyoshitsu* (Internasyonal na silid aralan)

Kapag lumipat sa Pamublikong Elementarya at Junior High School sa Yokohama City, ang pagtuturo ay karamihang isinasagawa sa Paaralan ng bata. Kung sa Paaralan ay may higit sa limang mga banyagang mag-aaral na kinakailangan ng gabay sa nihongo, magkakaroon ng *Kokusai Kyoshitsu* (Internasyonal na silid aralan) na may mga gurong magtuturo para sa asignatura sa Eskuwela, Nihongo at Pamumuhay sa Paaralan.

II-3 Bulontaryong Suporta sa sariling wika

Sa mga mag-aaral na kararating pa lamang ng ilang araw ay nagbibigay ng bulontaryong suporta na makapag-gabay sa sariling wika sa itinakdang panahon. Ang supporter ay maaring nasa tabi ng mag-aaral hanggang masanay sa pamumuhay sa Paaralan. Kung kailangan ito ay sumangguni sa Paaralan. (natatangi: sa pagtataguyod ng aralin sa Paaralan maari ring mabigyan ng interpreter bilang suporta sa pag-aaral ng mga asignatura sa loob ng klase.)

II-4 Suporta para sa mga tagapag-alaga (magulang)

Para sa mga magulang maaaring humiling ng isang interpreter para sa mga bagay na pag-aayos at pagpaliwanag sa paglipat sa Elementarya at Junior High School ng munisipal, pakikipag-usap o interview, paliwanag sa pagpasok sa paaralan, at sa pagbibisita sa sariling tirahan ng guro. Kung kinak



III. Buhay sa paaralan sa Yokohama City

III-1 Panahon ng pasukan at bakasyon

Ang panahon ng pasukan sa Paaralan ng karamihan sa Yokohama city ay nagsisimula sa Abril at natatapos haggang sa susunod na taon ng Marso. Ito ay nahahati sa dalawang termino sa isang taon. Simula ng Abril 1 haggang sa pangalawang lunes ng Oktubre ay ang unang termino at simula sa sumunod na araw pagkatapos ng pangalawang Lunes ng Oktubre haggang Marso 31 ay pangalawang termino. Mayroon ding pinaghiwalay sa tatlong termino sa loob ng isang taon. May bakasyon sa tag-init at taglamig na bakasyon sa isang taon.

Ang mga walang pasok ay Sabado, Linggo, Pista Opisyal, Anibersaryo ng pagtatag ng paaralan (6/2) Bakasyon sa tag-sibol (3/26~4/4), Bakasyon sa tag-init (7/21~8/27), at Bakasyon sa tag-lamig (12/26~1/6). Ang Bakasyon sa tag-init, Tag-sibol, at Tag-lamig ay maaaring din paikliin depende sa Paaralan.

III-2 Oras sa pagpasok at paglabas sa paaralan

Ang oras ng pagpasok sa Paaralan ay may kaunting pagkakaiba sa bawat Paaralan. Itinuturo na kailangan pumasok sa klase ng maaga ng 10 minuto bago magumpisa ang pang unang oras na aral na magsisimula sa ika 30 minuto. Kapag di dumating haggang sa pag-umpisa ng klase ay ituturing na huli. Kapag ang bata ay mahuhuli ng pasok o di kaya may sakit at hindi makapasok ay kailangang tumawag sa Paaralan o di kaya isulat sa correspondence notebook ng bata ang dahilan ng pagkahuli. Ang pagtapos ng klase ay nagkakaiba sa bawat araw. Tignan ang time table ng klase sa araw-araw at inyong malalaman. Kapag may kaganapan sa Paaralan, ito rin ay maiiba. Magbibigay- alam ang Paaralan sa mga ito.

Kapag ang pag-uwi ay matagal at nag-aalala tumawag lang paralan.

III-3 *Tsugakuro* (Ang daan pagpasok sa paaralan) / *Shudan Toukou* (Pagpasok ng samasama o grupo) [Elementarya Lamang].

Sa Paaralan ng bansang Hapon, ang mga mag-aaral sa elementarya ay kinakailangan dumaan sa pinagpasyahan daan. Ito ay tinatawag na *Tsugakuro* (Ang daan pagpasok sa Paaralan). Itinuturo na nararapat lang dumaan sa di mapanganib na daan.

Ituro sa mga bata na dumaan sa pinagpasyahang daan ng Paaralan.

Depende sa Paaralan ay may pagpasok din na *Shudan Toukou* (Pagpasok ng samasama o grupo) ang ilang mag-aaral para sa kanilang kaligtasan. Ito ay ang pag-gugrupo [*Syudan Toukou*] ng mga mag-aaral depende sa area o lugar. Maari lamang na mag-ingat sa oras ng patitipon at iwasan malate sa pagdating sa lugar.

III-4 Tanghalian (*Kyushoku* (school lunch) – *Bento* (lunch pack))

Sa Yokohama city ay may tanghalian ang magaaral mula Lunes haggang Biyernes. Subalit kapag sa araw ng pasukan o pagtatapos at kapag may natatanging gawain sa Paaralan ay walang *Kyushoku* (School Lunch). Ipapaalam sa inyo ang mga ganitong situwasyon. Ang mga bata ay salit salit sa pagliligpit pagkatapos kumain.

Ipaalam sa Paaralan kapag may kadahilanan may mga pagkaing hindi maaring kainin ang bata dahil sa relihiyon o sa kalusugan ng bata.

Pag naging Junior High School ay walang school lunch, magpabaon ng pagkain sa Paaralan para sa tanghalian. Mayroon din nagtitinda ng *Bento* (Lunch Pack) sa eskuwelahan. Pag-isipan ang maayos na balanse sa pagkain sa paggawa ng baon.



III-5 Seiso (Paglilinis)

Araw-araw magkasama ang guro at ang mga bata sa paglilinis ng silid-aralan, mga hagdan, corridors, at toilet.

Ito ay upang pagyamanin ang pakiramdam na linisin ang sariling lugar na pinag-aaralan at isa rin sa mga pang-edukasyon na gawain.

III-6 Ang halimbawa ng bilang ng oras sa Elementarya at Junior High School sa Paaralan ng Yokohama City. (May kaunting pagkakaiba depende sa Paaralan)

Ang oras ng aralin at oras ng paguwi ay nagkakaiba sa bawat araw. Ang mga grade 6 at Junior High School ay may 5 ~ 6 period na klase. (isang period ng klase sa Elementarya ay 45 minuto at sa Junior High ay 50 minuto)

Sa Elementarya ang class adviser ang magtuturo sa klase. Sa Junior High ay may kanya kanyang guro sa bawat aralin.



[Halimbawa ng elementarya]

Paaralan	8:10 ~ 8:30
Morning assembly	8:30 ~ 8:45
1 st period ng aralin	8:50 ~ 9:35
2 nd period ng aralin	9:40 ~ 10:25
20 min break time (recess)	10:25 ~ 10:45
3 rd period ng aralin	10:45 ~ 11:30
4 th period ng aralin	11:35 ~ 12:20
School Lunch	12:20 ~ 13:05
Break time sa tanghali	13:05 ~ 13:20
Paglilinis	13:25 ~ 13:40
5 th period ng aralin	13:45 ~ 14:30
6 th period ng aralin	14:35 ~ 15:20
Pagtitipon sa paguwi	15:20 ~ 15:30
Oras ng uwian	15:30

[Halimbawa ng Junior High School]

Bell time	8:35
Simula ng klase	8:40
Homeroom activities	8:40 ~ 8:50
1 st period ng aralin	8:50 ~ 9:40
2 nd period ng aralin	9:50 ~ 10:40
3 rd period ng aralin	10:50 ~ 11:40
4 th period ng aralin	11:50 ~ 12:40
lunch time / break time sa tanghali	12:45 ~ 13:25
Bell time	13:25
5 th period ng aralin	13:30 ~ 14:20
6 th period ng aralin	14:30 ~ 15:20
Gawain sa silid aralan	15:20 ~ 15:30
Paglilinis	15:30 ~ 15:50
School Club Activities, Student council	15:50 ~
Oras ng uwian	17:00 ~ 18:30



III-7 Kalusugan at kaligtasan sa mga paaralan

Sa paaralan ang pag-iingat tungkol sa kalusugan at kaligtasan ng mga mag-aaral ay binibigyan ng pansin. Ayon din sa batas isinasagawa ang regular na pagsusuri ng kalusugan.

◆ Klinika ng paaralan

Kapag ang mga mag-aaral ay nagkasakit o nagtamo ng isang pinsala sa Paaralan, binibigyan ng unang lunas ito ng school health teacher sa klinika ng Paaralan. Nakikipag ugnay ito sa mga magulang o tagapangalaga upang ipaalam kapag kinakailangang patingnan sa ospital ang bata at suriin ito o di kaya makipag-usap sa school health teacher tungkol sa kalagayan ng kalusugan o paga-alaga sa bata.

◆ **Ang regular na pagsusuri ng kalusugan sa paaralan**

Upang mapamahalaan ang kalusugan ng mga mag-aaral ang regular na pagsusuri sa kalusugan ay isinasagawa ng ilang bahagi. Ayun sa resulta ng pagsusuri ito ay binibigyan ng gabay upang magpagamot para sa kalusugan.

- Pagsusuri na isinasagawa sa Paaralan.
Sukatin ang Taas, Timbang, Taas ng Pagnakaupo, Paningin, Pandinig, Elektrokardiyogram, Tuberculosis, Ihi, at Parasites / Eggworm test. (mayroon hindi sinasagawa ayun sa baitang)
- Pagsusuri ng Doktor ng paaralan
Internal medicine, Optalmolohista, (E.E.N.T) Otolaryngology, Dentistry



◆ **JAPAN SPORT COUNCIL “Sistema sa Benipesyo sa mga Pinsala”**

Para sa paghahanda sa mga aksidente at pinsala sa pamumuhay sa paaralan ay mayroong mga insurance o benipesyo na sistema makakasagot katulad ng Injury and Accident Mutual Aid Benefit System ng JAPAN SPORT COUNCIL ng paaralan. Ang bahagi ng premium ay babayaran ng mga magulang upang makasali dito.

◆ **Suporta sa babala ng Emergency at Kalamidad.**

Sa oras ng 7:00^{am} ng umaga kapag mayroon *Boufukeihou* (Babala sa malakas na hanghin bagyo) o *Ooyukikeihou* (Babala sa pag-ulan ng snow) sa buong prepektura ng Kanagawa. ***Rinji Kyuko*** (Ang mga Paaralan ay pansamantalang magsasara/walang pasok). Walang din pasabi mula sa paaralan.

Kapag may babala ng bagyo at pag-ulan ng snow na ang mga magaaral ay nasa Paaralan, maaring magdesisyon ang principal ng Paaralan sa mga gagawin ayun sa kalagayan ng panahon. Makikipagugnayan sila sa bawat bahay at ipaaalam.

- [**Shudan Geko**]
Paguwi ng grupo.....(hinati-hati sa bawat direksyon at may guro na kasama paguwi)
- [**Geko Jikoku Kuriage**]
Paguwi ng maaga.....(mas maaga kaysa sa pangkaraniwang oras ang uwian)
- [**Hogosha Hikiwatashi**]
Pagsundo ng tagapag-alaga o magulang.....(Susunduin ng mga magulang sa paaralan)
Kapag higit sa intensity 5 ang lindol na nangyayari ang ***Hogosha Hikiwatashi Geko*** (**Paguwi na susunduin ng mga magulang**) ay isasagawa.

◆ **Emergency disaster drill**

Isinasagawa ang pagsasanay sa paglisan ng mga bata sa bawat class sa sitwasyong nagkaroon ng malaking lindol, sunog, o may kahina-hinalang tao inaakala sa loob ng eskuwelahan upang matutuhan ng magaaral ang tamang daan sa paglisan at halimbawa nito sa pagsasagawa. Marami din Paaralan na pagkatapos ng pagsasanay sa paglisan ay isasagawa ang ***Hikitori Kunren*** (**Pagsasanay sa Pagsundo ng mga magulang sa paaralan**).

IV. Gawain (Events) sa Paaralan.

May ibat ibang mga gawain sa Paaralan sa loob ng isang taon. Isa sa mga ito ay ang pagsali ng mga magulang sa mga gawain ng Paaralan na may natatanging kailangang bayad sa pagsali nito. Ito ay ipapaalam sa inyo ng paaralan bago ganapin. Ang mga gawain ay may pagkakaiba sa bawat baitang/taon ng magaaral karamihan ay ang mga sumusunod.



IV-1 Ang mga Gawain sa Elementarya

[Elementarya (halimbawa)] Ayon sa Paaralan ang panahon ng pagsasagawa o nilalaman ay maaring magbago.

April (abril)	Entrance Ceremony (Seremonya sa pagpasok) School Field Trip (Excursion) School class observation (Pagbisita sa klase) PTA (Guardian) meeting (Class Conference)	October (oktubre)	School sports festival (Athletic Meet) Appreciation of music / Stage play School Field Trip (Excursion) Graduation trip (School Trip)
May (mayo)	Home visitation (Pagbisita sa bawat tahanan)	November (nobyembre)	Visitation for social studies (Educational Tour)
June (hunyo)	Overnight stay experience (Extra-Curricular Study: Outdoor classroom)	December (disyembre)	Individual meeting (parent, child & teacher meeting)
July (hulyo)	Class PTA meeting (Class Conference) Pagb (Sa panahon ng summer vacation)	January (enero)	Ball game meet (Tournament)
September (setyembre)	School class observation Pagbubukas ng swimming pool (Pagbisita sa klase) Class PTA meeting (Class Conference)	February (pebrero)	School class observation (Pagbisita sa klase)
		March (marso)	Graduation Ceremony (Seremonya sa Pagtatapos)



Ensoku (School Field Trip) [Excursion]:

Pamamasyal o pagbibisita ng buong araw sa mga lugar na (mayaman sa kalikasan, sikat at makasaysayang lugar) na malayo sa Paaralan.

Shakai Kengaku (Visitation for social studies) [Educational Tour]:

Bumibisita sa mga pampublikong pasilidad na lugar upang tumaas ang kaalaman sa lipunan. May pagkakaiba sa bawat baitang/taon ng magaaral.

Kojin Mendan (Individual meeting) [parent, child & teacher meeting]:

Pakikipag-usap sa bawat magulang ng guro tungkol sa kalagayan ng pag-aaral at pamumuhay sa paaralan ng magaaral.

Gakkyu Kondankai (PTA (Guardian) meeting) [Class Conference]:

Pakikipag-usap ng mga magulang sa guro tungkol sa mga pagtuturo ng mga aralin at pamumuhay sa paaralan ng magaaral.

Katei Houmon (Pagbisita sa bawat tahanan) [Home visitation]:

Pagbisita ng guro sa bawat tahanan ng mag-aaral at aalamin ang kalagayan ng mga ito

Jyugyo Sankan (School class observation) [Pagbisita sa klase]:

Pag-oobserba ng mga magulang sa pag-aaral ng mga mag-aaral habang nagkklase.

Shukuhaku Taiken Gakushu (Overnight studies):

Pagdanas ng mga bagay na hindi mararanasan sa paaralan tulad ng pagtira sa ibang lugar kasama ng mga kamag-aral at doon ay makakapagaral ng tungkol sa kalikasan at kabuhayan ng isang lugar habang nagkklalapitan at tumitibay ang samahan ng bawat mag-aaral.

Kyugi Taikai (Ball game meet):

Palaro ng soccer, volleyball, basketball, at iba pa.

Engeki Kansho / Ongaku Kansho (Appreciation of music / Stage play):

Pakikinig ng musika at panunuod ng stage play para yumaman ang puso sa pagkalugod sa mga ito.

Undo Kai (School sports festival):

Pagsasamasama ng mga magaaral sa pakikipagpaligsahan, pagpapakita ng kagalingan at pagiging pamilyar sa mga laro habang pinanunuod ng mga magulang.

Shugaku Ryoko (Graduation trip) [School Trip]:

Kapag naging ika- 6 na baitang ang lahat ay pupunta sa school trip ng isa o dalawang gabi at duon ay magsasamasamang mag-aaral ng tungkol sa kabuhayan at kultura ng lugar. Matutuhan din ang wastong alituntunin at asal ganun din sa pagkilos ng maayos pag nasa grupo upang lumalim ang pakikitungo sa mga kapwa magaaral at guro.



IV-2 Mga Gawain sa Junior High School

[Junior High School (halimbawa)] Ayun sa Paaralan ang panahon ng pag-sasagawa o nilalaman ay maaring magbabago.

April (abril)	Entrance Ceremony (Seremonya sa pagpasok)	September (setyembre)	School class observation
	School class observation (Pagbisita sa klase)		Class PTA meeting
	PTA (Guardian) meeting (Class Conference)	October (oktubre)	School athletic meet (sports tournament)
May (mayo)	Home visitation (Pagbisita sa bawat tahanan)		School Field Trip
	Overnight stay studies (Extra-Curricular Study: Outdoor classroom)	November (nobyembre)	School Cultural festival
June (hunyo)	Ball game meet (Tournament)		School class observation
	Graduation trip (School Trip)	December (disyembre)	Individual meeting (parent, child & teacher meeting)
	School class observation (Pagbisita sa klase)	January (enero)	Card game of Hyakunin Isshu (Tula card game)
July (hulyo)	Parent and Child meeting (with the teacher)	February (pebrero)	Ball game meet
	Pagbubukas ng swimming pool (sa panahon ng summer vacation)	March (marso)	School class observation
			PTA (Guardian) meeting
			Graduation ceremony

Ensoku (School Field Trip):

Pamamasyal o pagbibisita ng buong araw sa mga lugar na (mayaman sa kalikasan, sikat na makasaysayang lugar) na malayo sa Paaralan.

Sansha Mendan (Parent, Child & Teacher meeting):

Pag-uusap ng magulang at bata sa guro ng klase tungkol sa pag-gabay at lagay ng pag-aaral, pamumuhay at iba pa.

Gakkyu Kondankai (PTA meeting) [Class Conference]:

Pakikipag- usap ng mga magulang sa guro tungkol sa mga pagtuturo ng mga aralin at pamumuhay sa paaralan ng magaaral.

Katei Houmon (Pagbisita sa bawat tahanan):

Pagbisita ng guro sa bawat tahanan ng mag-aaral at aalamin ang kalagayan ng mga ito.

Jyugyo Sankan (School class observation):

Pag-oobserba ng mga magulang sa pag-aaral ng mga mag-aaral habang nagkaklase.

Shukuhaku Taiken Gakushu (Shizen Kyoshitsu) (Overnight studies Extra-Curricular Study / Outdoor classroom):

Pagtira sa isang lugar na may magandang likas na kayamanan at gugugulin ang araw nang nagtutulungan sa bawat isa. (Karaniwan ay 2 o 3 na araw)

Kyugi Taikai (Ball game meet):

Palaro ng soccer, volleyball, basketball, at iba pa.

Taiiku Sai (School athletic meet (Athletic tournament)):

Pagsasamasama ng mga magaaral sa pakikipagpaligsahan sa pisikal na edukasyon at pagpapakita ng kagalingan. Pagiging pamilyar sa mga laro sa buong araw.

Shuugaku Ryoko (Graduation trip):

Kapag naging 3rd year, ang lahat ay pupunta sa school trip upang maglakbay sa ibang lugar. Duon ay magsasamasama sa pagkilos ang mga magaaral at guro at magtutulungan ang bawat isa. (Karamihan ng paaralan ay nagpupunta sa Nara at Kyoto).

Bunka Sai (Cultural festival):

Isang gawain na pangungunahan ng mga magaaral para magpakita ng galing na nakamtan ng bawat school club. Paggawa ng mga ibat ibang palabas at kasayahan para sa lahat.

Hyakunin Isshu Taikai (Card game of Hyakunin Isshu):

Paglalaro ng isang tradisyonal na laro ng Hapon na ang tawag ay (**tula card game**) Hyakunin Isshu.

Shokugyo Taiken Gakushu (Workplace on site training):

Karanasan na magtrabaho sa ng mga kumpanya at tindahan ng distrito at magmasid sa kanilang mga trabahong ginagawa. (May ilang oras sa isang araw.)

V. Mga nilalaman ng Aralin

V—1 Mga Dadalhin 1. Kagamitan na kinakailangan mula sa simula



Kaban: Bag



Randoseru



Uwabaki: Sapatos pangloob sa paaralan



Uwabaki-Bukuro: bag na lalagyan ng uwabaki



Akasiro-Bou: Reversible school cap red & white



Taisou-gi: P.E uniform




Taisou-gi Bukuro: Bag na lalagyan ng P.E uniform



Bosai-Zukin: Disaster hood



Renraku-Cho: Correspondence note book




Renraku-Cho Bukuro: Plastic case ng correspondence notebook



Notebook: Para sa aralin



Fudebako: Pencil case / Lalagyan ng mga lapis




Enpitsu: Lapis



Keshigomu: Pambura



Akaenpitsu: Red pencil / Pulang lapis



Jyogi: Srtaight ruler



Hasami: Gunting



Nori: Glue / Paste



Zokin: Dust cloth / Basahan



Masuku: Mask


2. Mga bagay na kailangan



Hochikisu: Stapler




Konpasu: Compass



Bundoki: Protractor



Shitajiki:
Cardboard pad



Dogu-bako:
Toolbox



Kureyon:
Krayola



Iroenpitsu:
Colored pencil




Hankachi / Taoru:
Panyo / Bimpo



Tissue: Tisiyu



Obento:
Lunch pack



Obento-Bukuro:
Bag ng Obento (Lunch pack)



Judogi:
Judo uniform

3. Kagamitan na kailangan depende sa aralin



Kenban (Keyboard) Harmonica
fukikuchi: Mouthpiece



Recorder



Alto-Recorder



Enogu-Set: Set ng gamit sa
Pagpinta (Water color)



Shuji-Set:
Calligraphy set



Saiho-Dogu:
Gamit sa pananahi
(Sewing box)



Mizugi:
Kasuotang panlangoy
(Swim suit)



Suiei-Bo:
Swimming cap



Kids Hooded Towel



Swimming Goggles



Apron



Sankaku-kin:
Trayanggulong bandana

4. Mga dadalhin gamit sa school trip, at pagtigil sa ibang lugar na pag-aaral



Ryukkusakku:
Backpack



Nappuzakku:
Knapsack/Napsak



Suito: Water jug



Kigae:
Pamalit damit



Sunikar:
Sneakers



Shikimono:
Picnic mat



Bokangi:
Damit panglamig



Amagu:
Gamit pang ulan



Gunte: Guwantes /
Cotton work gloves



Hamigaki Set: Tooth Brush
at Tooth Paste



Bath towel



Hand towel

V-2 Aralin sa Elementarya

Ika 1 at 2 baitang “Japanese” “Matematika” “Life environment studies” “Music” “Arts” “Physical Education”

Ika 3 at 4 na baiting “Japanese” “Social Studies” “Matematika” “Science” “Music” “Arts” “Physical Education”

Ika 5 at 6 na baiting “Japanese” “Social Studies” “Matematika” “Science” “Music” “Arts” “Home Economics” at “Physical Education”.

May iba pang aralin na “Moral Education” “Integrated Studies” “YICA (Yokohama International Communication Activities) aktibidad para sa salitang banyaga” “Homeroom” “Student council activities” “Club Activities (Ika 4 na baitang pataas)” “School events”.

Kokugo (Japanese): Pag-intindi ng Nihongo, pag-hubog ng kaalaman sa pag-papahayag, galing sa pag-iisip at pananaw, at husay sa pangunawa ng mga salita.

Shakai (Social Studies): Pag-aaral tungkol sa batayan ng lipunan. Pag-uunawa sa pamumuhay at kasaysayan ng Hapon.

Sansu (Matimatika): Pag-aaral sa batayan ng mga sukat o dami at balangkas upang matanaw ang kaalaman at kasanayan sa mga ito gayundin ang paggamit nito.

Rika (Science): Palaguin ang kaalaman sa kalikasan at pagmamalasakit sa mga ito. Paoobserba at pageexperimento na huhubog ng pananaw at pag-iisip sa agham.

Seikatsu (Life environment studies): Pag-iisip sa kalapit na lipunan at kalikasan upang humusay sa pangunawa ng mga bagay na pangangailangan sa pamumuhay.

Ongaku (Music): Pag-awit ng mga kanta, pag-tugtog sa mga instrument o pakikinig sa mga musika upang humusay sa mga ito.

Zuga Kosaku (Arts): Pagguhit, paggawa ng bagay na may arte, pananaw sa Sining upang humusay sa pagtingin at tumaas ang kaalaman.

Katei (Home economics): Mga Gawain tungkol sa pagkain, pananamit, at tahanan na magpapataas ng kasanayan at kaalaman bilang batayan ng pang araw-araw na pamumuhay.

Taïku (Physical Education): Pagsasanay sa larangan ng track and field, swimming, ball game, gymnastics upang palakasin ang kalusugan.

YICA (Yokohama International Communication Activities) “Gaikoku-go Katsudo (Aktibidad sa salitang banyaga)”:

Pagsasanay sa pagkilala ng salitang English at pagiging aktibo sa maayos na pakikipagusap ng salitang ito.

(International Understanding Education) Ito ay pag-aaral at pag-unawa sa iba’t-ibang kultura at kagawian ng ibang bansa gamit ang salitang ingles sa pagtuturo.

Sogoteki na Gakushu no Jikan (Integrated Studies): Humanap ng sariling mga praktikal na paksa, pagaralan at pagisipan ng sarili at alamin ang kalutasan sa kabuuan ng mga suliranin.

Dotoku (Moral/Ethics) : Pag-aaral tungkol sa batayan ng pamumuhay ng tao ayun sa kaisipan, respeto, at moral sa kapwa tao. Itinuturo ito upang maisagawa sa sariling pamumuhay.

Gakkyu Katsudo (Homeroom): Pagaaral na kumilos bilang grupo at maging isang parte sa kabuuan ng klase na may kamalayan at pananagutan.

Jido Katsudo (Student Council Activities): Matutuhan ang pagbubuo ng mga gawain ng sa kanilang pansariling kaalaman para sa kagandahan ng pamumuhay sa paaralan.

Kurabu Katsudo (Club Activities): Pagtitipon tipon ng mga mag-aaral na may mga kaparehong pagkawili o gusto at isinasagawa ang mga ito.

(P.E Club / Cultural Club)

V-3 Aralin sa Junior High School

Ang mga aralin sa Junior High School: “Japanese” “Social Studies” “Matematika” “Science” “Music” “Arts” “Health and Physical Education” “Technical-Home Economics” “Banyagang wika (English)” “Integrated Studies”.

Bukod sa mga aralin ito ay mayroon ding "Moral Studies" "Student Council Activities" "School Club" bilang karagdagan.

<i>Kokugo (Japanese):</i>	Pag-intindi ng Nihongo, Paghubog ng kaalaman sa pag-papahayag, galing sa pag-iisip at pananaw. Husay sa pang-unawa ng mga salita.
<i>Shakai (Social Studies):</i>	Pag-aaral tungkol sa batayan ng lipunan. Paguunawa sa pamumuhay at kasaysayan ng Hapon.
<i>Suugaku (Matimatika):</i>	Pag-aaral sa batayan ng mga sukat o dami, at balangkas upang matanaw ang kaalaman at kasanayan sa mga ito gayundin ang paggamit nito.
<i>Rika (Science):</i>	Palaguin ang kaalaman sa kalikasan at pagmamalasakit sa mga ito. Pagoobserba at pag-eeksperimento na huhubog ng pananaw at pag-iisip sa agham.
<i>Ongaku (Music):</i>	Pag-awit ng mga kanta, pagtugtog ng mga instrumento, pakikinig sa mga musika upang humusay sa mga ito.
<i>Bijyutsu (Arts):</i>	Pagguhit, paggawa ng bagay na may arte, pananaw sa Sining upang humusay sa pagtingin at tumaas ang kaalaman.
<i>Sogoteki na Gakushu no Jikan (Integrated Studies b):</i>	Humanap ng sariling mga praktikal na paksa at ito ay tatalakayin ng pangsariling pagaaral, pag-iisip at alamin ang kalutasan sa kabuuan ng mga suliranin.
<i>Hoken Taiiku (Health and Physical Education):</i>	Pagsasanay sa larangan ng track and field, swimming, ball game, gymnastics upang palakas ang kalusugan.
<i>Gijyutsu – Katei (Technical Education / Home economics):</i>	Kamtan ang kaalaman at kasanayan sa pamumuhay sa tahanan. Pagaaral tungkol sa mga kakayahan (kabilang ang personal computer), pamumuhay sa tahanan, at pamumuhay sa lipunan. Mga Gawain tungkol sa pagkain, pananamit, at tahanan na magpapataas ng kasanayan at kaalamang kailangan sa batayan ng pang-araw-araw na pamumuhay.
<i>Eigo (Banyagang wika) [English]:</i>	Pataasin ang pinaka pundasyon na kakayahan sa pagpapahayag sa wikang ito upang maunawaan ang mga pangunahing wikang banyaga.
<i>Dotoku (Moral Studies):</i>	Pagaaral tungkol sa batayan ng pamumuhay ng tao ayun sa kaisipan, respeto, at moral sa kapwa tao na makakapagbigay ng kaalaman sa tutuong sitwasyon.
<i>Gakkyu Katsudo (Homeroom):</i>	Pagaaral na kumilos bilang grupo at maging isang parte ng kabuuan ng klase na may alam at pananagutan.
<i>Seito Kai Katsudo (Student Council Activities):</i>	Matutuhan ang pagiging independiente sa pagbubuo ng mga gawain para sa kagandahan ng pamumuhay sa paaralan.

V-4 *Ayumi (Elementarya) / Renraku-Hyo (Junior High School): [School Report Card]*

Bagamat ang mga nakamit ng magaaral sa mga aralin, kalagayan sa pamumuhay sa paaralan, at mga resulta sa mga pinagbutihang gawain ay naisasabi ng guro ng klase sa mga magulang, sa bawat pagtatapos ng termino ang guro ay nagbibigay ng School Report Card (*Ayumi* o *Renrakuhyou*). Ito ay nagkakaiba sa pagpapangalan, anyo, at itsura ng pagkasulat ayun sa mga paaralan. Dito ay isinusulat ang paguulat ng mga puntos sa pagsukat ng bawat aralin, nakitang katangian ng magaaral, kalagayan sa pagkaunawa sa mga aralin, kalagayan sa pamumuhay sa paaralan at mga gawain.

VI. *Bukatsudo* (School Club)

Ang kakaibahan sa Junior High School ay mayroong *Bukatsudo* (School Club). Ang school club ay ibat ibang gawain na sinasapian ng mga mag-aaral. Mayroong mga sports o di kaya pangkultura. Ang bawat school club ay may tagapayo o sanggunian na magtuturo sa kanilang gawain. Ito ay isinasagawa pagkatapos ng klase o sa mga araw na walang pasok. Karamihan sa mga mag-aaral ay sumasali ng kusa sa mga ito. Kapag sasali ang paaralan sa paligsahan ay kinakailangan sagutin ang sariling pamasaha.

